Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of San Pedro
San Pedro Central School
Summative Test
Quarter 1 Week 3-4
Filipino- Five

NAME: ________________________________________ DATE: _____________________

SECTION: ____________________________________

I. Piliin ang titik ng Tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit kung magtatanong ka ng lugar?
   A. Ano C. Sino
   B. Saan D. Kailan

2. Aling salita ang gagamitin mo kung nais mong malaman ang petsa ng pasukan?
   A. Paano C. Kailan
   B. Sino D. Ano

3. Kung nais mong humingi ng dahilan o rason, ano ang angkop na salitang gagamitin mo sa pagtatanong?
   A. Bakit C. Paano
   B. Ilan D. Sino

4. Ang salitang **Sino** ay sumasagot sa tanong na patungkol sa ________.
   A. bagay C. lugar
   B. tao D. pangyayari

5. Nais mong alamin ang bilang ng mga taong gumaling sa sakit na COVID-19. Anong salita ang gagamitin mo sa pagtatanong?
   A. Magkano C. Gaano
   B. Kailan D. Ilan

LIVEWORKSHEETS

II. Isulat ang tamang kasagutan sab away patlang.

1. Ang __________ ay isang anyo ng sining o panitikan na naglalayong maipahayag ang damdamin sa malayang pagsusulat. Binubuo ito ng saknong at taludtod.
2. Sinasabing ang tula ay may __________ kapag ang huling pantig ng huling salita ng bawat taludtod ay magkakasingtunog.
3. Ang __________ ay isang grupo sa loob ng isang tula na may dalawa o maraming linya.

4. Ang __________ ay tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong.
5. Ang __________ naglalayong magkuwento ng naranasan, nabasa, narinig, nasaksihan o napanood.
6. Ang __________ ay isang anyo ng panitikan na nagsasaad ng kasaysayan ng buhay ng isang tao hango sa mga tunay na tala, pangyayari, o impormasyon.

LIVEWORKSHEETS

III. Basahin at unawain ang teksto at sagutin ang mga katanungan.

## Ang Matanda

Tanghaling tapat na. Marami sa mga mag-aaral ang nagmamadali nang umuwi. Walang lilim na masisilungan kahit saan.

Sa gitna ng initan ay may isang matandang babaeng may dalang malaking balutan. Palinga-linga ang matanda. Parang may hinahanap ito. Maraming batang mabilis na nagdadaan sa tabi niya.

"Mga bata, " ang sabi ng matanda. Nguni't hindi siya pinapansin ng mga bata. Paminsan-minsan, may ilang batang napapalingon sa kanya, ngunit patuloy pa rin ang matulin nilang lakad.

Dumating si Nelia. Nagmamadali rin si Nelia na makauwi. Nagugutom na kasi siya.

Napansin niya ang matanda. Nakita niya ang nakakaawang ayos nito.

"Bakit po, Lola?" ang tanong ni Nelia.

"Ay Ineng" ang sagot ng matanda. "Naligaw ako. Saan ba ang papunta sa istasyon ng bus?"

"Doon lang iyon sa kabilang kanto, Lola."

Kahit na pagod si Nelia, inihatid niya ang matanda.

Bago sumakay sa bus ang matanda ay hinaplos si Nelia sa ulo. "Pagpapalain ka ng Diyos, Ineng," ang sabi nito sa kanya.

1. Saan naligaw ang matanda sa kuwento?
   A. sa sakayan ng bus  B. sa labas ng paaralan
   C. sa bahay nina Noel  D. sa labas ng simbahan
2. Ano ang panahon nang maganap ang kuwento?
   A. maaraw  B. Mahangin  C. maulan  D. Maulap

3. Ano-ano ang hindi pinansin ni Nelia habang kinakausap ang matanda?
   A. gutom at pagod  B. nanay at tatay
   C. ang bitbit niyang mga gamit  D. kung saan ang istasyon ng bus
4. Anong ugali ang ipinakita ni Nelia?
   A. malinis  B. Madasalin  C. matulungin  D. Mapagmahal
5. Bakit kaya sinulat ang kuwentong "Ang Matanda"?

A. Hatid nito ang isang balita.

B. Nais nitong magbigay ng mungkahi.

C. Nais nitong magbigay ng aliw sa mga bata.

D. Gusto nitong magbigay ng mabuting halimbawa.

LIVEWORKSHEETS

IV. Basahin at unawain ang teksto at sagutin ang mga tanong kaugnay dito. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

Mahalagang tauhan si Miguel Malvar sa kasaysayan ng ating bansa. Siya ang huling heneral ng mga sundalo na sumuko sa mga Amerikano. Isang katipunero si Miguel Malvar. Namuno siya sa pag-atake sa mga Kastila sa Talisay, Batangas. Nakisama siya at ang kanyang pangkat sa mga puwersa sa Cavite na pinamumunuan ni Aguinaldo. Ginawa siyang Tenyente Heneral ni Aguinaldo sa lalawigan ng Batangas. Ang punong himpilan niya ay nasa Lipa, Batangas. Nang madakip si Aguinaldo ng mga Amerikano, si Malvar ang naging pinuno ng mga rebolusyunaryong puwersa o takas. Hinikayat niya ang mga Pilipino na ipagpatuloy ang paglaban sa mga Amerikano.

___6. Ang binasang teksto sa itaas ay halimbawa ng

A. balita B. palastas C. talambuhay D. resipe

___7. Sino ang huling heneral ng mga sundalo n sumuko sa mga Amerikano?

A. Apolinario Mabini B. Miguel Malvar

C. Emilio Aguinaldo D. Andres Bonifacio

___8. Saan siya ginawang Tinyente Heneral ni Aguinaldo?

A. Oriental, Mindoro B. Talisay, Batangas

C. Laguna D. Lipa City

___9. Ano ang nangyari kay Malvar nang madakip ng mga Amerikano si Aguinaldo?

A. Naging pinuno ng mga aktibista

B. Naging pinuno ng mga Pilipino

C. Agad siyang sumuko sa mga Amerikano

D. Naging pinuno ng Rebolusyunaryong Puwersa o Lakas

___10. Bakit mahalaga sa kasaysayan ng ating bansa si Miguel Malvar?

A. Hindi siya sumuko sa mga Amerikano.

B. Siya ang paboritong heneral ni Emilio Aguinaldo

C. Siya ang unang Pilipinong nakipaglaban sa mga Amerikano.

D.Siya ang huling heneral ng mg sundalo na sumuko sa mga Amerikano.

LIVEWORKSHEETS